# Sitaw



Ang sitaw ay nabibilang sa mga gulay na tinatawag na legumbre. Maaaring kainin ang talbos at bunga nito. Nagtataglay ito ng protina, *carbohydrates*, calcium,bitamina A at iba pang mineral.

Para sa mas magandang ani, itanim ito sa mga buwan ng Mayo hanggang Hunyo kung tag-ulan at sa mga buwan ng Oktubre hanggang Nobyembre kung tag-araw.

**PAGPILI AT PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN**

Mainam na magtanim sa lupang tinatawag na lagkitang galas o malasutlang lagkitang galas na may asim na 5.5 hanggang 6.8 at madaling patuyuan.

Araruhin at suyurin ang lupa nang 2 hanggang 3 beses hanggang sa maging pino ang lupa.

**PAGTATANIM**

Gumawa ng tudling na may layong 1 metro sa pagitan ng mga hanay at 50 sentimetrong pagitan ng mga butas. Maglagay ng 2 hanggang 3 buto sa bawat butas sa lalim na 2 hanggang 3 sentimetro. Ang 1 ektarya ay nangangailangan ng 10 kilo ng buto.

**PAGPAPATABA**

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 4 sako | 10 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |
| 21-0-0 | 2 sako | 25 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |
| KNO3<br>0-0-60 | 10 kg<br>1 sako | 40 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGPAPATUBIG

Magpatubig pagkatapos magtanim at minsan sa isang linggo hanggang sa paglaki nito.

## PAG-AALIP-IP *(MULCHING)*

Ginagawa ang pag-aalip-ip upang mapanatiling basa ang lupa at makontrol ang pagdami ng damo. Gumamit ng dayami, ipa, o *polyethylene plastic mulch*.

## PAGKONTROL NG DAMO



Damuhan ang lupang tinaniman. Maaari ring gumamit ng mga makinang pambubungkal ng lupa 2 linggo pagkatapos magtanim. Magsablay o araruhin palabas ng puno 3 hanggang 4 na linggo pagkatanim.

## PAGGAWA NG BALAG



Maaaring gawin ang pagbabalag bago o pagkatapos magtanim. Ginagawa ito upang mas maparami ang ani. Maglagay ng bukawe o buho sa mga tudling na may pagitang 2 hanggang 3 metro. Maglagay pahalang ng *G.I wire* sa taas, gitna at babang bahagi ng buho. Magtali ng leteng sa pagitan ng mga buho na may layong 20 sentimetro.

## IBA PANG PAMAMARAAN NG PAGKONTROL

- Magtanim ng halamang nakakapagbugaw ng mapaminsalang insekto gaya ng marigold at chichirica.
- Gumamit ng insect trap *(yellow sticky trap)*.
- Alisin agad ang napinsalang halaman at sunugin.
- Panatilihing malinis ang lugar na pinagtamnan.



## PAG-AANI

Maaari nang anihin ang sitaw kapag ang mga buto nito ay kasukat na ng kalahati ng lapad ng lapis at madaling maputol kapag binaluktot. Maglaktaw ng 3 hanggang 4 na araw bago anihing muli ang natitira pang bunga.

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice